Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY
Digos City
Telefax No.: 082553896' 0825538376

**Pansangay na Patalastas Blg. 034 s. 2019**
Marso 18, 2019

**IKA-47 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO**

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan sa Elementarya at Sekondarya

1.) Alinsunod sa Regional Advisory Blg. 014 s. 2019, ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng ika-47 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino sa ika-22 hanggang ika-26 ng Abril, 2019 na gaganapin sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio. Ang mahahalagang detalye kaakibat sa naturang gawain ay napapaloob sa kalakip na Regional Advisory.

2.) Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**WINNIE E. BATOON, Ed. D.**
Katiwalang Opisyal
Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED 30840
DATE: 20 MAR 2019 TIME: 10:10
BY:

Encls: as stated

References: Regional Advisory No. 014 s. 2019
To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:
CURRICULUM FILIPINO PAGPUPULONG
jmn: pansangay na pagpupulong
18 Marso 2019

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
**REGION XI**
Davao City

*Address: F. Torres St., Davao City (8000)*
*Contact/Telefax Numbers: (082) 291-1665/(082) 221-6147*

*Email:* ... *Website:* www.depedroxi.ph

Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 30840
DATE: 15 MAR 2019 TIME: 3:3
BY:

DEPED REGION XI ADVISORY NO. 014
March 11, 2019

This Advisory is issued for the information of DepEd Officials, personnel/staff as well as the concerned public, re: **PAMBANSANG SEMINAR – GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO**

Sa mga: Tagapamanihala ng Dibisyon

Bilang tugon sa imbitasyon ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF), malugod na inaanyayahan ang mga guro sa Filipino, mga Pandibisyon at Panrehiyong Superbisor sa Filipino na dumalo sa Ika- 47 Pambansang Seminar – Gawaing Kapulungan sa Filipino sa ika-22 hanggang 26 ng Abril, 2019 na gaganapin sa Teacher's Camp, Lungsod ng Baguio.

Layunin ng pagtitipon na:

a. pagtibayin ang puwang at tungkulin ng Filipino sa paglinang at literasing pangkultura sa yugto ng globalisasyon;
b. isulong ang pagpapaunlad sa functional literacy sa pamamagitan ng mahusay na pagtuturo ng/sa Filipino;
c. talakayin ang mga pagbabago at pag-unlad na nagaganap sa Filipino bilang wika at didiplina; at
d. mailahad ang mga saliksik ng mga kasapi ng samahang may kaugnayan sa wika, panitikan at iba pa na lalong makalilinang sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Mahigpit na pinapaalalahanan na walang pondo ng Kagawaran ang maaaring gamitin sa kumperensiya at ang pagdalo sa naturang pagtitipon ay magmumula sa personal na gastos at naayon sa polisiya na " On Official time only".

Kalakip nito ang programa ng mga Gawain, mga Alituntunin at Pamantayan ng PASATAF 2019.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaring tumawag o makipag-ugnayan kay Viola S. Esparagosa, Kalihim ng PASATAF (09222074102).

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng advisory na ito.

ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO IV
Regional Director

RoC13/mjmm

DEPARTMENT OF EDUCATION ROXI
RECORDS SECTION
RELEASED
By: 1903-8050
03/15/19 Time: 3:47

*Empowerment Adaptability Goal-oriented Leadership Excellence*



*Document Number* : *ROXI-011*
*Version. Number* : *1.0*
*Revision Number* : *0*
*Date of Effectivity* : *February 15, 2019*

# PASATAF

Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino
Room 35, Unit 3535, MRB Building, Commonwealth, Quezon City
*Mobile Phone Nos.:Globe- 09178590847, Sun-09222074102, Smart-09103447748*
(SEC Reg. No. 50484)



**PAMUNUAN 2016-2018**
**LUPONG TAGAPAGPAGANAP**

DR. ELPIDIA B. BERGADO
*Pangulo*
*Rehiyon IV-A*
JESUS B. VALENCIA
*Pangkalahatang Pangalawang Pangulo*
*NCR*
RAMON J. DE LEON
*Pangalawang Pangulo*
*Luzon-Rehiyon III*
ROMEO T. ESPEDION, JR.
*Pangalawang Pangulo*
*Visayas-Rehiyon VI*
JOSEVIC F. HURTADA
*Pangalawang Pangulo*
*Mindanao-Rehiyon XII*
VIOLA S. ESPARAGOZA
*Kalihim*
*Rehiyon XI*
ROSIE E. MARTINEZ
*Katuwang na Kalihim-KWF*
YOLANDA V. SERAG
*Ingat-Yaman*
*Rehiyon IV-B*
LUISITO V. LIBATIQUE
*Tagasuri*
*Rehiyon I*
FELIXBERTO C. LABASTILLA
*Tagapagbalita*
*Rehiyon IX*

LUPON NG MGA DIREKTOR

CORAZON G. GENOBILI
*Rehiyon II*
LUZ R. PRADES
*Rehiyon V*
FELICITAS R. GARCESA
*Rehiyon X*
HADJI MOHAMMAD AMIN AUKASA
*ARMM*
MA. LIZA T. BANDOLA
*Rehiyon XIII-Caraga*
DR. CARMELITA C. ABDURAHMAN
*Tagapayo*


Enero 21, 2019


DEPARTMENT OF EDUCATION ROXI
RECORDS SECTION
RECEIVED
102. 1015
3.18.19
4:07


**ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE**
Patnugot
Rehiyon XI
F. Torres St., Davao City

Mapagpalang araw!

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng Ika-47 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang *PASATAF: KAAGAPAY SA PAGPAPAUNLAD NG WIKANG FILIPINO SA MABILIS AT PATULOY NA NAGBABAGONG MUNDO.*

Kaugnay nito, malugod po naming kayong inilmbitahan na dumalo sa seminar na gaganapin sa ika-22 hanggang 26 ng Abril, 2019 sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio.

Narito po ang detalye ng Gawaing Kapulungan:

1. Ang layunin ng seminar ang mga sumusunod:

    a. Pagtibayin ang puwang at tungkulin ng Filipino sa paglinang at literasing pangkultura sa yugto ng globalisasyon;
    b. Isulong ang pagpapaunlad sa functional literacy sa pamamagitan ng mahusay na pagtuturo ng/sa Filipino;
    c. Talakayin ang mga pagbabago at pag-unlad na nagaganap sa Filipino bilang wika at disiplina; at
    d. Mailahad ang mga saliksik ng mga kasapi ng samahang may kaugnay sa wika, panitikan at iba pa na lalong makalilinang ng pagtuturo ng asignaturang Filipino

2. Ang inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang Pangwika at Edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, Pambansang Pamunuan at Lupon ng mga Direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng Tanggapang Sentral ng DepEd at CHED, panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga guro sa elementarya, sekundarya, at tersarya sa mga unibersidad/kolehiyo na pang-estado at pribado, at mga bagong kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang Pangwika sa edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

3. Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Tatlong libo at Siyam na raang Piso (P 3,900.00) na gugugulin sa pagkain at akomodasyon sa tatlong gabi at tatlong araw, seminar bag, t-shirt, bayad-kasapian, honoraria at iba pang gastusin at karagdagang Isangdaan at Limampung Piso (P150.00) sa mga bagong kasapi ng PASATAF.

*"Kabalikat, Kaagapay sa Katatagan ng Filipino sa Bansa at sa Buong Mundo"*

*Ang PASATAF ay isang pambansang samahang itinatag simula noong **1956** ng pangkat ng mga tagamasid at tagapagtaguyod ng Pambansang Wika, sa pakikipag-ugnay sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED). Pangunahing layunin ng samahan ang pagbukurin ang lahat ng mga tagapagtaguyod sa Filipino upang maging mabisa, mapayaman at mapalaganap ang Filipino sa pamamagitan ng pagsasagawa ng taunang gawaing kapulungan at maipatupad ang mga bagong kaalaman sa larangan ng edukasyon.*

# PASATAF

Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino
Room 35, Unit 3535, MRB Building, Commonwealth, Quezon City
*Mobile Phone Nos.:Globe- 09178590847, Sun-09222074102, Smart-09103447748*
(SEC Reg. No. 50484)

**PAMUNUAN 2016-2018**
**LUPONG TAGAPAGPAGANAP**

DR. ELPIDIA B. BERGADO
*Pangulo*
*Rehiyon IV-A*
JESUS B. VALENCIA
*Pangkalahatang Pangalawang Pangulo*
*NCR*
RAMON J. DE LEON
*Pangalawang Pangulo*
*Luzon-Rehiyon III*
ROMEO T. ESPEDION, JR.
*Pangalawang Pangulo*
*Visayas-Rehiyon VI*
JOSEVIC F. HURTADA
*Pangalawang Pangulo*
*Mindanao-Rehiyon XII*
VIOLA S. ESPARAGOZA
*Kalihim*
*Rehiyon XI*
ROSIE E. MARTINEZ
*Katuwang na Kalihim-KWF*
YOLANDA V. SERAG
*Ingat-Yaman*
*Rehiyon IV-B*
LUISITO V. LIBATIQUE
*Tagasuri*
*Rehiyon I*
FELIXBERTO C. LABASTILLA
*Tagapagbalita*
*Rehiyon IX*

LUPON NG MGA DIREKTOR

CORAZON G. GENOBILI
*Rehiyon II*
LUZ R. PRADES
*Rehiyon V*
FELICITAS R. GARCESA
*Rehiyon X*
HADJI MOHAMMAD AMIN AUKASA
*ARMM*
MA. LIZA T. BANDOLA
*Rehiyon XIII-Caraga*
DR. CARMELITA C. ABDURAHMAN
*Tagapayo*

4. Kalakip nito ang programa ng mga Gawain, mga Alituntunin at Pamantayan ng PASATAF 2019.

5. Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

   ELPIDIA B. BERGADO, Ed.D
   Pangulo, PASATAF
   Room 35, Unit 3585, MRB Building
   Commonwealth Avenue, Quezon City
   Mobile phone: 0917-859-0847 ; 0977-852-7402

   VIOLA S. ESPARAGOZA
   Kalihim, PASATAAF
   Mobile phone: 0922-207-4102

Maraming Salamat po sa inyong patuloy na pagtangkilik sa PASATAF at sa inyong positibong tugon sa aming liham.

Lubos na sumasainyo,

**ELPIDIA B. BERGADO, Ed.D**
Pangulo, PASATAF

*"Kabalikat, Kaagapay sa Katatagan ng Filipino sa Bansa at sa Buong Mundo"*

*Ang PASATAF ay isang pambansang samahang itinatag simula noong **1956** ng pangkat ng mga tagamasid at tagapagtaguyod ng Pambansang Wika, sa pakikipag-ugnay sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED). Pangunahing layunin ng samahan ang pagbuklurin ang lahat ng mga tagapagtaguyod sa Filipino upang maging mabisa, mapayaman at mapalaganap ang Filipino sa pamamagitan ng pagsasagawa ng taunang gawaing kapulungan at maipatupad ang mga bagong kaalaman sa larangan ng edukasyon.*

PASATAF

## MGA ALITUNTUNIN AT PAMANTAYAN NG PASATAF 2019

### A. PARA SA DATING KALAHOK/DELEGADO

- Halaga ng Rehistrasyon: On-site Registration-P3,900.00
- Bahagi ng rehistrasyon ang sumusunod: 3-gabing akomodasyon sa Teachers Camp; Pagkain: 3 agahan, 3 tanghalian, 3 hapunan at 7 meryenda; seminar bag; PASATAF t-shirt; bayad-kasapian, hand-outs; sertipiko ng paglahok at iba pang gastusin
- Ang unang pagkain ay sa pang umagang meryenda ng Abril 23 at ang huli ay sa meryenda ng Abril 26
- Sakaling ang mga delegado ay maubusan ng akomodasyon sa loob ng Teachers Camp, ang pamunuan ay maghahain ng listahan ng mga transient house na maaring puntahan ng mga delegado.
- Ang mga kalahok na mamamahinga sa mga Bahay panuluyan (transient houses) ay may kabawasan sa rehistrasyon na nagkakahalaga ng P 600.00. Ang mga delegado ang may karapatan na makipag ugnayan sa may ari ng bahay panuluyan.
- Hindi pananagutan ng PASATAF ang pagkain at pagtira sa Teachers Camp na hindi sakop ng programa.
- Mahigpit na ipinapaalala na **IWASANG magsama ng asawa, anak o kaibigang hindi kasapi ng PASATAF** na maaaring makasagabal sa pagdalo ng mga gawain.
- Magdala ng kaukulang gamot para sa may mga maseselang karamdaman.

### B. BAGONG KASAPI NG PASATAF

- Magkakaroon ng hiwalay na patalaan ang mga bagong kasapi ng PASATAF.
- Bukod sa On-site Registration na P3,900.00, magbabayad ng karagdagang **isang daan at limampung piso (P150)** para sa **bayad-kasapian** ang mga bagong kasapi
- Kasabay nito ang pagbibigay ng sertipiko bilang bagong kasapi mula sa pamunuan.
- Dumalo sa **oryentasyon** na gaganapin sa **unang araw** ng kapulungan
- Lumahok at dumalo sa mga gawain ng **gabi ng inisasyon** na gaganapin sa **unang gabi**.
- Sa gabi ng inisasyon ilalahad ang pangkatang gawain
- Lalaanan ng tatlumpong minuto ang lahat para sa kanilang pag eehensayo
- Tanging puting T-shirt ng PASATAF ang maaaring isuot, nasa kasunduan ng bawat pangkat kung nais na may karagdagang gamitin (praps) sa pagtatanghal.
- Matapos ang lahat ng pagtatanghal, igagawad ang sertipiko ng paglahok kasabay ng pag anunsyo sa tatlong pinaka mahusay na pangkat.
- Pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala ang lahat ng nagwagi.

## C. PAGTATANGHAL NG MGA SALIKSIK (RESEARCH)

- Kasapi ng PASATAF na nakadalo sa Pambansang Pagpupulong na may kauganayan sa Pagsasaliksik
- Magsumite ng Abstrak sa sulat tronikong saliksik.pasataf@gmail.com gamit lamang ang MS Word, mula Enero 17 hanggang Marso 1, 2019.
- Ang **abstrak** ay hindi bababa sa 150 hanggang 200 salita gamit ang Arial font style at 12 bilang sukat ng font.
- Nilalaman ng abstrak ang mga sumusunod; **layunin, disenyo, limitasyon, kinalabasan, rekomendasyon, kahalagahang etikal, at mga susing salita**.
- Ang lahat ng Abstrak ma isusumite ay susuriin ng komite sa saliksik. Maghintay ng kompirmasyon mula sa pamunuan kung ang inyong saliksik ay itatanghal bilang POSTER PRESENTATION o ORAL PRESENTATION.

**Para sa mga POSTER PRESENTERS**

- Sakaling mapili ang saliksik sa poster presentation, maghanda ng poster (vertical portrait) na may sukat na **48 x 24 inches**.
- Nakatala dito ang pamagat ng saliksik, layunin, disenyo, resulta at interpretasyon ng datos, konklusyon at sanggunian.
- Magdala ng stand para sa poster sa unang araw ng kapulungan
- *Ang mga delegado na nakapaglahad ng kanilang saliksik ay pagkakalooban* ng sertipiko ng pagkilala

**Para sa mga ORAL PRESENTERS**

- Bibigyan ang bawat kalahok ng hindi hihigit sa 10 minuto sa paglalahad ng kanilang saliksik at 5 minuto sa tanungan at pagpapaliwanag.
- Magdadala ang bawat presenter ng laptop para sa kanilang oral presentation.
- Ang mga delegado na nakapaglahad ng kanilang saliksik ay pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala

## D. GAWAD PASATAF 2019

1. Gawad Sigasig
   - Dapat nakadalo ng PASATAF ng taong 2017, 2018 at 2019
   - Magmumula ang listahan ng mga gawad sigasig batay sa tala ng pamunuan
2. Gawad Nataas ng Tungkulin
   - Kasapi ng PASATAF na nataas ang tungkulin (Halimbawa mula guro sa pagiging punongguro o mas mataas na posisyon)
   - Magsumite ng anumang katibayan na naka PDF sa (email add) mula (petsa) hanggang (petsa)
3. Gawad Nagretiro sa Tungkulin
   - Miyembro ng PASATAF na nagretiro at may nagawang ambag sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng Wikang Filipino
   - Magsumite ng natapos na gawain (accomplishment report)
   - Magpatala at isumite ang mga dokumento sa kamite ng Gawad PASATAF sa (email add) mula (petsa) hanggang (petsa).

## E. GABI NG TANGHALAN

- Bukas sa lahat ng miyembro ng PASATAF na may angking talento
- Magpatala sa unang araw ang mga nagnanais na lumahok
- Magdala ng kaukulang tugtunin o instrumento na gagamitin
- Paglalaanan ng dalawampung minuto ang bawat magtatanghal
- Narito ang mga pamantayan sa pagpili ng magwawagi:
  - Orihinal (Originality)- 40%
  - Pagkamalikhain (Creativity)- 30%
  - Tiyempo (tempo)- 20%
  - Reaksyon ng manonood (Audience impact) – 10%
  - Kabuuan – 100%
- Ang tatlong magwawagi ay pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala

## F. MUTYA AT LAKAN NG PASATAF 2019

- Bukas ang patimpalak sa lahat ng babaeng/lalakeng kasapi ng PASATAF (binata/ dalaga o may asawa)
- Walang limitasyon sa edad
- Isa hanggang dalawang kalahok ang maaaring kinatawan ng bawat rehiyon
- Bawat kalahok ay maghahanda ng mga sumusunod: talent, katutubong kasuotan, kasuotang *kaswal at pormal (evening attire)*
- Ang patimpalak ay gaganapin sa gabi ng Abril 25

## G. KALATAS-BALITA (Opisyal na Pahayagan ng PASATAF)

- Ang sinumang kasapi ay maaaring mag-ambag ng mga artikulong BALITA, EDITORYAL/OPINYON, at LATHALAIN
- Ang mga may-akdang pampanitikan tulad ng tula, maikling kuwento, haiku, atbp. ay mailalathala sa SAMYO (Opisyal na Lupon ng mga Akdang Pampanitikan ng PASATAF). Ang mga sanaysay at maikling kwento ay hindi dapat lalampas sa isang buong pahina ng A4-sized na papel.
- Nararapat na malinaw ang mga kopyang isusumite kalakip ang sumusunod na impormasyon: PANGALAN/ PAARALAN/ REHIYON/ DIBISYON
- Bibigyan ng karapatan ang mga kasapi ng patnugutan ng Kalatas-Balita/ SAMYO na rebisahin ang mga artikulong isusumite nang ayon sa pangangailangan
- Ang bawat kasapi na **nag-ambag ng nailathalang** artikulo ang pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala mula sa pamunuan
- Ang mga artikulong isusumite ay kinakailangan na "soft copy" lamang at maaaring isumite sa patnugutan ng kalatas-balita/ samyo
- Para sa labas ng SAMYO, maaring magsumite ng akda sa sulat tronikong kalatas.balita@gmail.com mula sa petsa ng pagkalathala ng mga alituntuning ito hanggang sa Huling Biyernes ng buwan ng Marso (Marso 29, 2019). Layon nitong mailathala sa SAMYO nang mas maaga ang mga akdang ipinadala.

Maraming Salamat po sa inyong pagtangkilik at pakikiisa!

- Pamunuan ng PASATAF

# TENTATIBONG PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN (ELEMENTARYA)

Ika-47 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO
Bulwagang Benitez, Teachers Camp Lungsod ng Baguio, April 23-26, 2019

**TEMA: PASATAF: KAAGAPAY SA PAGPAPAUNLAD NG WIKANG FILIPINO PARA SA MABILIS AT PATULOY NA NAGBABAGONG MUNDO**

| ORAS | DAY 0 (Abril 22) | UNANG ARAW (Abril 23) | IKALAWANG ARAW (Abril 24) | IKATLONG ARAW (Abril 25) | IKAAPAT NA ARAW (Abril 26) |
|---|---|---|---|---|---|
| 6:00 - 6:30 | **REHISTRASYON, AKOMODASYON AT PAGBIBIGAY NG KIT**<br><br>**Bulwagang Benitez** | | | | |
| 6:30 - 7:00 | | **AGAHAN** | **AGAHAN** | **AGAHAN** | **AGAHAN** |
| 7:00 - 7:30 | | **Banal na Misa** | **Malayang Oras** | **Malayang Oras** | **Mga Eksibit at Pagtatanghal**<br><br>*Saliksik<br>Bulwagang -<br><br>*Indie Film<br>Bulwagang -<br><br>Tagapamahala<br>- |
| 7:30 - 8:00 | | | | | |
| 8:00 - 8:30 | | **Pambukas na Palatuntunan**<br>(Rehiyon IV-A)<br>Bulwagang Benitez<br><br>-<br>Susing Tagapagsalita | Panayam 4<br>**JOEY AYALA**<br>*Kuwentong Kalusugan, Kultura't Kalikasan*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagpamahala<br>- | Panayam 7<br>**MELA FRANCO HABIJAN**<br>*VLOG MOVES in MYSTERIOUS WAYS: Makabagong Sining ng Pagkukwento, Pag-uulat at Pagmumulat*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | |
| 8:30 - 9:00 | | | | | |
| 9:00 - 9:30 | | | | | |
| 9:30 - 10:00 | | | | | |
| 10:00 - 10:30 | | Panayam 1<br>**BENJAMIN ALVES**<br>*'Personality Development' para sa mga Guro ng ika-21 Siglo*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>Dr. Elpidia B. Bergado | | Panayam 8<br>**DR. ERICO M. HABIJAN**<br>*Filipino: Platform para sa Rebolusyong Panteknolohiya sa Pagkatuto*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | **GAWAD PASATAF**<br><br>**Pampinid na Palatuntunan**<br><br>Tagapamahala<br>- |
| 10:30 - 11:00 | | | | | |
| 11:00 - 11:30 | | | | | |
| 11:30 - 12:00 | | | | | |
| 12:00 - 1:00 | | **PANANGHALIAN** | **PANANGHALIAN** | **PANANGHALIAN** | |
| 1:00 - 2:00 | | Panayam 2<br>**JOHN KELVIN O. BRIONES**<br>*Inobatibong Pagtatasa: Kagamitan sa Pagtulay ng Pagkatuto sa Kritikal na Nilalaman ng Filipino*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | Panayam 5<br>**DR. VOLTAIRE VILLANUEVA**<br>*Ika-21 Siglong Estratehiya sa Paglinang ng Holistikong Pilipino*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | Panayam 9<br>**GENARO R. GOJO CRUZ**<br>*Pagsulat ng Kwentong Pambata*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | **Pagpupulong ng pamunuan ng PASATAF 2016-2018** |
| 2:00 - 3:00 | | | | | |
| 3:00 - 4:00 | | Panayam 3<br>**DR. JOVY PEREGRINO**<br>*Ang Danas Bilang Metodo sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wika Tungo sa Kultural na Edukasyon*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br><br>Tagapamahala<br>- | Panayam 6<br>**DR. DAVID MICHAEL SAN JUAN**<br>Pagsipat sa Kalagayan ng Panitikan at Kulturang Filipino Gamit sa Pagbuo ng Sistematikong Pananaliksik<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | Panayam 10<br>**DR. JENNIFER E. LOPEZ**<br>*PPST-PPMS : Isang Paglilinaw*<br>Bulwagang Benitez<br><br>Tagapamahala<br>- | |
| 4:00 - 5:00 | | | | | |
| 5:00 - 6:00 | | **Gabi ng Inisasyon**<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br><br>Tagapamahala<br>Dr. Jesus Valencia Jr. | | **Pagbubukas ng Eksibit ng mga Saliksik (Anyong Poster)**<br>Bulwagang - | |
| 6:00 - 7:00 | | | **HAPUNAN** | **HAPUNAN** | |
| 7:00 - 8:00 | | **HAPUNAN** | **Tertulia at Gabi ng Tanghalan**<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br><br>Tagapamahala<br>Dr. Ramon De Leon | **Mutya at Lakan ng PASATAF**<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br><br>Tagapamahala<br>Dr. Romeo Espidion Jr. | |

# TENTATIBONG PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN (SEKUNDARYA)

Ika-47 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO
Bulwagang Benitez, Teachers Camp Lungsod ng Baguio, April 23-26, 2019

**TEMA: PASATAF: KAAGAPAY SA PAGPAPAUNLAD NG WIKANG FILIPINO PARA SA MABILIS AT PATULOY NA NAGBABAGONG MUNDO**

| ORAS | DAY 0 (Abril 22) | UNANG ARAW (Abril 23) | IKALAWANG ARAW (Abril 24) | IKATLONG ARAW (Abril 25) | IKAAPAT NA ARAW (Abril 26) |
|---|---|---|---|---|---|
| 6:00 - 6:30 | | | | | |
| 6:30 - 7:00 | | | | | |
| 7:00 - 7:30 | | AGAHAN | AGAHAN | AGAHAN | AGAHAN |
| 7:30 - 8:00 | | **Banal na Misa** | **Malayang Oras** | **Malayang Oras** | **Mga Eksibit at Pagtatanghal**<br>*Saliksik<br>Bulwagang -<br>*Indie Film<br>Bulwagang -<br>Tagapamahala<br>- |
| 8:00 - 8:30 | | **Pambukas na Palatuntunan**<br>(Rehiyon IV-A)<br>Bulwagang Benitez<br>-<br>Susing Tagapagsalita | Panayam 4<br>**DR. VOLTAIRE VILLANUEVA**<br>*Ika-21 Siglong Estratehiya sa Paglinang ng Holistikong Pilipino*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>- | Panayam 7<br>**GENARO R. GOJO CRUZ**<br>*Pagsulat ng Kwentong Pambata*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>- | |
| 8:30 - 9:00 | | | | | |
| 9:00 - 9:30 | | | | | |
| 9:30 - 10:00 | | | | | |
| 10:00 - 10:30 | | Panayam 1<br>**JOHN KELVIN O. BRIONES**<br>Inobatibong Pagtatasa: Kagamitan sa Pagtulay ng Pagkatuto sa Kritikal na Nilalaman ng Filipino<br>Bulwagang Benitez<br>Tagapamahala<br>- | Panayam 5<br>**DR. DAVID MICHAEL SAN JUAN**<br>Pagsipat sa Kalagayan ng Panitikan at Kulturang Filipino Gamit sa Pagbuo ng Sistematikong Pananaliksik<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala | Panayam 8<br>**DR. JENNIFER E. LOPEZ**<br>*PPST-RPMS : Isang Paglilinaw*<br>Bulwagang Benitez<br>Tagapamahala<br>- | **GAWAD PASATAF**<br>**Pampinid na Palatuntunan**<br>Tagapamahala<br>- |
| 10:30 - 11:00 | | | | | |
| 11:00 - 11:30 | | | | | |
| 11:30 - 12:00 | | | | | |
| 12:00 - 1:00 | | PANANGHALIAN | PANANGHALIAN | PANANGHALIAN | |
| 1:00 - 2:00 | **REHISTRASYON, AKOMODASYON AT PAGBIBIGAY NG KIT**<br>**Bulwagang Benitez** | Panayam 2<br>**DR. JOVY PEREGRINO**<br>*Ang Danas Bilang Metodo sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wika Tungo sa Kultural na Edukasyon*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>- | Panayam 6<br>**JOEY AYALA**<br>*Kuwentong Kalusugan, Kultura't Kalikasan*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagpamahala<br>- | Panayam 9<br>**MELA FRANCO HABIJAN**<br>*VLOG MOVES in MYSTERIOUS WAYS: Makabagong Sining ng Pagkukwento, Pag-uulat at Pagmumulat*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>- | **Pagpupulong ng pamunuan ng PASATAF 2016-2018** |
| 2:00 - 3:00 | | | | | |
| 3:00 - 4:00 | | Panayam 3<br>**BENJAMIN ALVES**<br>'Personality Development' para sa mga Guro ng ika-21 Siglo<br>Bulwagang Benitez<br>Tagapamahala<br>Dr. Elpidia B. Bergado | | Panayam 10<br>**DR. ERICO M. HABIJAN**<br>*Filipino: Platform para sa Rebolusyong Panteknolohiya sa Pagkatuto*<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>- | |
| 4:00 - 5:00 | | | | | |
| 5:00 - 6:00 | | **Gabi ng Inisasyon**<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>Dr. Jesus Valencia Jr. | | **Pagbubukas ng Eksibit ng mga Saliksik**<br>**(Anyong Poster)**<br>Bulwagang - | |
| 6:00 - 7:00 | | | HAPUNAN | HAPUNAN | |
| 7:00 - 8:00 | | **HAPUNAN** | **Tertulia at Gabi ng Tanghalan**<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>Dr. Ramon De Leon | **Mutya at Lakan ng PASATAF**<br>Bulwagang Carlos P. Romulo<br>Tagapamahala<br>Dr. Romeo Espidion Jr. | |